USEC. NAVARRO: I would like to add something po. Iyong category na iyon ay mayroong isang responsive specific project na hahanapan ng pondo na kabilang ngayon sa BMCRRP, it's called, "Send Home A Family Program". It's a financial assistance para doon sa hindi orihinal na nakatira sa Marawi and na-displace because of the conflict, and they opt to return to their hometowns. So iyon po ay "Send Home A Family Program".

SALEM ARELLANO: This question goes to our military. We have heard from the news line from TV network from Manila of which they said that the rehabilitation in Marawi will be delayed because there are still bombs in the area. How true is this news?

LTC AMOMA: Yes, sir. Maraming salamat po doon sa inyong tanong, at sa lahat, sa sambayanan ngayong umaga. You are referring to the UXO, the unexploded ordinance. Yes, correct, we are still on the process of clearing this UXO in the main battle area or the most affected areas comprising of 24 barangays.

The joint task group builders, our engineering units who are primarily conducting these clearing operations have set the deadline to finish this before the end of the month, prior to the implementation of the Camp Bisita which was initiated by the Task Force Bangon Marawi.

As of now, the recent development, we have still UXOs to be cleared in the areas. So this is actually the main reason why we have to wait until such time that we will be able clear all these UXOs prior to the implementation of the Camp Bisita.

SALEM ARELLANO: Follow up, sir. How long it will take, sir? In as much as we have learned from the victims, they are eager to return in that place. How long it will take?

LTC AMOMA: Yes, sir, we have already set the deadline before the end of the month because the Camp Bisita will take effect on 01 April. So before that period, the clearing must be completed.

ASEC. CASTRO: If I may add ano. Kasi po iyong most affected area, ginawan ng siyam na sectors ano. So sa ngayon, iyong sektor na lang na malapit sa Lake Lanao ang hindi talaga natatapos. So iyong pagbabalik ng mga kababayan natin doon sa mga bahay nila, uunahin din natin by sector. So doon sa mga cleared sectors na talaga, mauuna iyon, iyon iyong mas malayo

sa Lake Lanao. At naka-pacing na ito, may timetable na ito. And sabi na ni Col. Amoma ay masusunod natin iyong timetable.

RADIO MINDANAO NETWORK: Good morning. My question to Sir Felix Castro! Hindi ko na matandaan, sir, kung kailan kami bumisita sa Saguiaran. Pero sabi ng mga IDPs doon na kulang-kulang pa din daw iyong natanggap nila na mga relief goods. Ang tanong lang nila kung hanggang kailan o ma-sustain iyong matatanggap nila na mga supply lalung-lalo na sa mga relief goods? Thank you.

ASEC. CASTRO: Opo, iyong DSWD po ay sa ngayon, nagre-request sila ng mga pondo para matuluy-tuloy iyong pagbibigay ng ating relief goods. Nagkaroon lang ng konting gap dahil at the start of the year, medyo nag-aantay ng pondo plus may procurement process na susundin. Ngayon po ay mahigpit tayong sumusunod doon sa procurement process. And in so doing, may konting delay. But nasa pipeline na po iyan. Ang sabi DSWD, malapit nang lumabas! At kapag dumating na iyong mga napamili, tuluy-tuloy po iyong pagbibigay natin ng relief goods.

RADYO PILIPINAS: Good morning po sa ating lahat. Sir, follow up ko lang po doon sa ... iyong continuing po na clearing operations natin of unexploded bombs and other improvised explosive devices. Mayroon daw pong binigay na tagpa-five days para doon sa maaaring makabalik sa mga cleared areas para silipin, hakutin anumang mahahakot na mga gamit sa kanilang bahay, na after five days ay paaalisin ulit at ikakandado for the preparation po sa development ng area ng ground zero. Is it right po na info?

USEC. CASTRO: Ah, hindi po. Mayroon ho tayong susundin na schedule. We will come up with the schedule. Sa ngayon po kasi, sila ay nag-o-ocular inspection doon sa baba kasama po iyong kanilang mga barangay captains. So aayusin po iyong schedule, at we will come up with the final schedule by Monday magre-release po kami ng mga fliers, naka-drawing na po doon iyong sectors, susundin po natin iyong mga sectors at nakalagay po doon iyong araw. Specific na po iyong araw na ilalagay natin, April 1-4... may pahinga po, pagkatapos 6-8, pahinga uli. So may ano, we will come up with that hopefully by Monday 'pag natapos nila iyong ocular inspection nila kasama po iyong mga barangay captains.

Kasi po it will not be by barangay, it will be by sector, opo. It will be bounded by streets, so we will come up with the flier para makita mismo doon kung ano iyong boundary ng sector 1, sector 2, sector 3. At ilalabas po natin 'yan – nakalagay din doon specific na araw na, April 1-3; April 1-4; ilalagay na natin doon para walang kaguluhan. At mayroon na tayong enough time to disseminate that, we will start by April 1, so nagdi-disseminate na tayo ngayon.

Q: Then how true po, baka hindi daw po ma-meet iyong ano natin, naka-set na deadline for the clearing operation by end. Because iyong mga ibang equipment daw po tulad ng backhoe eh nasira daw po, kaya humihingi daw ng tulong sa—saan ba tayo puwede makahingi ng tulong? Sa DPWH o kaya karagdagang mga kagamitan/equipment to push through with the clearing of the bombs, unexploded—

USEC. CASTRO: Ang pangako naman po ng engineers ay mami-meet nila iyong ating timeline.

Q: Ah, okay.

USEC. CASTRO: Opo. So kaya April 1 magtutuloy ho tayo diyan, at sabi ko nga kanina it will be by sector, iyong nasa taas na mga sectors uunahin. Habang nagpupunta naman iyong mga ibang sectors, tuluy-tuloy pa rin iyong pagtatrabaho ng engineers but in such a way that it will safe for those coming in na pumunta sa loob.

Q: Yes sir that was a follow up question po sir. Ito na po iyong question ko, kay Mayor Gandamra at saka sa Task Force na rin po. Patungkol po dito sa mga matatamaan na lupa ng mga residente. Mayroon daw talaga pong matatamaan, at iyong iba eh parang papayag pero kailangan bayaran daw po sila. So ano po iyong proseso nito para alamin din kung kanila ba talaga iyong lupa, para po legal iyong proseso nito at saka iyong pagbabayad po doon sa dapat bayaran po na maapektuhan na mga lupa.

For instance daw po, for instance na narinig ko po para may clarification din. Halimbawa po, 1,000 hectares, so baka daw po iyong 750 eh hindi matamaan; may 250 doon ay matatamaan, baka mabayaran iyong 250 halimbawa. So ano po talaga iyong arrangement o iyong agreement po patungkol po dito, Mayor at saka sa Task Force po? Thank you, thank you.

MAYOR GANDAMRA: Salamat po sa katanungan. Palagi po ‘yan tinatanong sa amin, at gaya po ng sinabi ko kanina doon sa development or reconstruction ng Marawi City ay maaring mayroong matamaang mga private lands dahil wala po tayong paglalagyan kung wala pong lupa na lalagyan noong mga gagawing imprastruktura. Tama po iyon, at nagkakaroon po ng assessment; iyon pong mga tatamaan, of course we have to identify the legitimate owners through iyong mga proof of ownership, may mga titulo.

At iyong wala namang titulo pero iyon ay pag-aari nila, hindi lang nila naititulo ay magkakaroon ho tayo ng Land Dispute Arbitration Committee which will be composed of the different sectors and headed by the Task Force Bangon Marawi at ang local government of Marawi City and other sectors. Iyon po ang mag-a-identify kung saka-sakali pong mayroong dispute doon sa ownership.

At doon naman po sa kung magkano po iyong ibabayad, ay magkakaroon din po ng of course, assessment kung magkano po talaga iyong market value noong lupa during the—itong pag-expropriate ng ating gobyerno for public use.

Q: Mayroon pong plano na magkakaroon ng meeting ‘ata with the concerned residents po para maiwasan na rin dumating sa punto na may dispute. Opo, sir.

MAYOR GANDAMRA: Mayroon po. Kaya po binubuo natin iyong—in fact nabuo po natin iyong istraktura noong organization ng Land Dispute Arbitration Committee, at iyon po ay well represented ang ating mga different sectors.

DIR. GEN. CLAVITE: Thank you. Before I call on my last two, may quick follow up lang si PDI Divina. Ah, sorry... Asec. Castro.

ASEC. CASTRO: Iyon ho gaya ng sabi ni Mayor, lahat ng lupa na gagamitin ay babayaran to the proper legal owner of the land. Wala hong gagamitin ang gobyerno na hindi mako-compensate.

DIR. GEN. CLAVITE: Thank you. So, si Divina won't be asking anymore?

Q: Military matters ito sir, pero I think Secretary Andanar and Col. Amoma... maybe you are the appropriate na mag-relay sa Malacañang ano. Military matters, hindi na ito rehab – medyo part siya sa rehab, pero vital ito eh. Correct me Secretary Castro, iyong nabanggit mo when we were in Marawi – out of 75 UXOs or unexploded ordnance, may 15 pa or 15 na ang na-detonate, tama ba iyon? Or 15 pa ang naiwan na—iyong sa UXO? 15 ang naiwan or na-detonate na?

ASEC. CASTRO: Kukuha ho tayo ng updated ano, but iyong huling ano namin, 15 na lang yata iyong naiwan.

Q: 'Ayun, ang Army ang updated, Col. Amoma, sir.

LTC. AMOMA: Yes, sir. Iyon pong na-unearth na mga UXOs doon po sa may—it's about... still about mga 18 ano po out of the 70. But there's still, we have the remaining doon po sa 70 in which the Joint Task Group Builders natin, are still clearing on this. So—but on the matter of a... IEDs, there were about a hundreds were already recovered and disposed.

Q: Okay, sir. Talking about the UXO, I'm not an accountant, but I'd like to relay this to the higher authority. Iyon bang mga unexploded ordnance, ibig sabihin duds na iyon? Assuming na duds na iyong hindi pumutok na FA—mga bomba na 250-pounder, 500-pounder... mula sa carrier ng FA50, kung nag-duds iyon, is it possible na ma-relay ito sa Malacañang through the auditing—separate auditing entity of the Armed Forces of the Philippines?

Kung i-audit ito, puwede ba ito ibalik or i-report sa supplier, kasi para itong supplier ng FA50 carrier at saka supplier ng bomba na kung walang—kung—pero sa... iyong mga mall, no exchange, no return eh; pero ito mga bomba ito eh na unexploded, at how much it would cost? Puwede ba siyang ipa-refund sa supplier through the request of Malacañang—through the efforts of Malacañang and AFP? Is it possible na mag-ano, kasi sayang eh... sayang ba na nakagastos ang government tapos hindi pumutok. Okay lang, ang advantage ay walang natamaang buhay iyong hindi pumutok. Paano ba ang proseso nito, sir? Is it possible, sir? Thank you.

ASEC. CASTRO: Ganito 'no... marami pong dahilan kung bakit hindi pumuputok ang bomba – hindi lang po iyong pagbagsak, mayroon hong handling, mayroon ho sa climate, temperature... marami 'yang dahilan. 'Pag mayroon hong hindi sumabog, usually the procedure is nagsa-submit ng report, pinag-aaralan kung bakit, so marami hong proseso na 'yan. At titingnan din kung gaano katanda na iyong bomba, so there are so many factors. Of course puwedeng in the end, kung nakita natin—mai-prove natin na depekto ng factory o ng pinagbilhan natin – that is one of the recourse that we could do. But there really have to be a review, a study of the circumstances na bakit hindi sumabog iyon. Sabi mo nga, iba-ibang klaseng bomba ito and different conditions, different ages noong mga bomba 'no. But it could be one option of the Philippine Air Force.

Q: Maraming salamat.

DIR. GEN. CLAVITE: Thank you. Standby si Val and Divina...

Q: My first question is for NEDA, tapos may tanong ako sa military and follow up kanina for Mayor Regencia.

For NEDA, Ma'am natanggap ninyo na po ba iyong sulat/appeal ng Lanao Muslim Contractors Association na they are appealing – mga group of contractors, Muslim contractors – na i-allow sila to participate and accommodate qualified and competent local contractors in the bidding process, sa rehabilitasyon ng Marawi? Ano po iyong sagot natin dito?

At saka sa military, sir. Iyong—alam mo iyong rekorrida ng CMOU na pumupunta sa mga barangay-barangay at saka sa mga munisipyo dala-dala iyong—ano iyong mobile truck na kampanya ninyo against lose firearms, epektibo po ba iyon sir? How effective?

At saka si Mayor Regencia, follow up doon sa tanong kanina doon sa pagbabalik noong mga evacuees. 'Pag natanggap ninyo po ba iyong sulat – kasi sabi ninyo kanina hindi ninyo natanggap – 'pag natanggap ninyo ba iyong sulat ni Mayor Majul na to extend their stay on February 15, ibibigay po ba?

USEC. NAVARRO: So, thank you for your questions [laughs]. Let me answer the first one, because it's directed to NEDA. The letter of Lanao Contractors Association, hindi pa nakakarating sa office ko mismo. But I am not aware if it reached the NEDA premises or the NEDA official email address.

But let me explain the principle of competitive procurement. For infrastructure projects of DPWH, these are always posted in PHILGEPS, the electronic government procurement system. So allowed naman to participate ang Lanao Contractors Association, wala namang nagbabawal for them na to participate. With respect to the construction that will happen in the most affected area – because the partner there will be a big developer because of the huge undertaking – but there is still a requirement as far as I know for them to use local labor, local contractors because there are activities that will have to be sub-contracted, that's the usual case 'di ba in big projects, there are sub-contractors and there is a requirement to—as much as possible majority of the activities to be sub-contracted as much as possible used local firms, also with respect to labor, use local labor.

So iyon iyong nakarating sa akin na information with respect to the big development that will happen in the MAA. But even if hindi pa nag-uumpisa iyong activities in the MAA, I encourage the local contractors to look forward to the construction activities that will take place, bantayan in PHILGEPS because there are surely many construction activities particularly sa DPWH, DEPED for rehabilitation, construction of school facilities, National Housing Authorities shelter programs. There are many opportunities for them.

DIR. GEN. CLAVITE: Thank you, Usec. Before I call on the last two, may—

Q: Iyong question for the military. [off mic.]

DIR. GEN. CLAVITE: Colonel yes?

LTC. AMOMA: Ma'am, thank you po doon sa tanong. At present is so called a c-mobile CMO support unit van, ito po iyong tinatanong ninyo na umiikot. We have this effort, the so called loudspeaker operations. Calling on the concern citizens, to include LGUs on the implementations of surrendering of lose firearms. Just recently for the appreciations of the attendees here we have about 24 assorted high power firearms from the municipality of Piagapo po, in response of these operations. That was 16 March no less than Mayor Ali Sumandar, who have voluntarily surrendered those sa lose firearms to our division commander Major General Roseller Murillo who have spearheaded the activity. And we have still so many municipalities within the Lanao Del Sur and to include of Lanao Del Norte of course, who have responded the calling of the military sector.

This is also in line with the upcoming barangay elections to surrender this lose firearms. Because if we have noted in North Cotabato about hundreds who have responded also, this one Cotabato, Maguindanao province about 200 and even Zamboanga City to include the Sulu provinces responded on this panawagan po ng ating AFP on the mass surrender of lose firearms. So our CMCSU are very effective. So that's why we are exerting our effort in regards to this effort and of course our LGUs to respond.

DIR. GEN. CLAVITE: Thank you. Mayor..?

MAYOR REGENCIA: Tungkol naman po sa katanungan ni Madame, ang sa akin po as of now I still adhere sa usapan namin ni Sir Castro doon sa opisina ko, sabi ko, 'Sir, usapang lalaki ito na sana naman mayroon pa tayong 8 days, alam ko na iyong mga evacuees natin is atat na atat na rin makabalik sa lugar nila. Nagpapasalamat ako niyan, tungkol naman sa tanong na kung mabasa ko iyong letter na ipinadala ni Mayor Majul Gandamra sa opisina ko. I will cross the bridge when I get there.

DIR. GEN. CLAVITE: Thank you Mayor. May katanungan lang po na ipinadala sa social media. This is very quickly galing kay Asya, 'Pakitanong din kung paano iyong mga Libingan natatamaan ng rehabilitasyon na hindi naman puwedeng galawin kasi bawal ho at lalong hindi puwedeng bayaran.' Can I ask Mayor Majul?

MAYOR GANDAMRA: During the consultation po two days ago ay naitanong din iyan. Iyon pong sa ganoong isyu kung mayroon pong tatamaan especially iyong expansion of roads, mayroon po tayong binubuong technical working group at ito po ay kasama dito ang ating mga Ulama, sila po ang ating hihingian ng opinyon dito kung paano natin i-handle iyong mga possible na mga grave site na kung saan nakalagay—usually—mayroon kasi sa amin sa Marawi City na iyong kanilang mahal sa buhay ay minsan doon po mismo nililibing sa kanilang... tabi ng kanilang bahay.

So iyan po ay being seriously addressed by the Task Force Bangon Marawi at hindi po natin iba-violate ang... of course iyong sanctity noong kuwan na iyon... iyong mga taong maaring

maapektuhan noong rehabilitation. So iyan po ay hindi ho outright na mangyayari, magkakaroon ng development doon sa mga posible na tatamaan ng mga graveyard. So mayroon pong ongoing na usapan doon.

DIR. GEN. CLAVITE: Maraming salamat Mayor para sa kasagutan ninyo. Si Val from RPN/DXKO and then the last question will come from Gemma, Radyo Pilipinas.

Q: Okay. Good noon everyone. Dito lang sa ongoing infrastructure project sa Marawi ngayon. May we know if ano bang pera ang ginagamit dito? Galing ba sa gobyerno o sa—iyong mga donors ba o saka gusto naming malaman kung magkano talaga iyong na-receive nating aid at saka iyong kay Mayor naman iyong nakalista na mga donors ninyo sir, anong nagawa noon? Iyan lang.

USEC. NAVARRO: Maraming salamat sa inyong katanungan. Okay, iyong funding sources are coming from different—the funding are coming from different sources, okay. So there is a huge commitment by the national government and there are also commitments from the LGUs, from the city, the province and also from the ARMM. And there are also pledges coming from our international development partners and there are also pledges from the private sector and humanitarian organizations are also helping now.

And let's make a distinction between the funding of the response stage which is the current stage 'no, this includes the humanitarian related activities and then let's distinguish that from the rehabilitation and recovery stage wherein the medium to long term projects, programs and activities or PPAs will be undertaken.

So, iyong mobilization of funding sources for the rehabilitation and recovery stage is currently ongoing. And mayroon ding nakalaan for 2018. You already know that there is a P10 billion fund from the National Disaster Risk Reduction and Management fund, there is a P10 billion component for Marawi, P10 billion Marawi program. And in addition to that, there is a P5.38 billion commitment from the national government agencies regular budget. So that means that the total national government commitment this year is 15.38 billion pesos. And then there's also a 1.5 billion commitment from the ARMM for 2018 and; from the province, 58.97 million pesos and from the city, one billion pesos and; cost sharing by government entities and development partners 2.23 billion pesos.

Now, these are tentative figures, except for the national government commitment. Kasi we are still firming the exact list of the PPAs or the detailed projects and activities because there might be duplication, perhaps ... we are in that stage now. We are looking at whether a specific activity is already being proposed by the ARMM or by another entity to ensure na wala talagang duplication. But so far, as it's evolving, these are the figures for 2018.

Now, for the coming years, there are specific plans naman by the Department of Finance. They are considering whether we need to issue bonds to fund the medium to long term recovery. And we are entertaining pledges by international development partners and foreign governments. So for that component, we cannot cite figures yet. Thank you.

Q: [OFF MIC]

USEC. NAVARRO: Thank you for your concern. So kaya nga we are having this kind of press briefing, the Philippine Information Agency is telling you what amounts came in, what kinds of in kind donations came in for the humanitarian response stage for the response stage. And then, we are also being transparent in coming up with BMCRRP (Bangon Marawi Comprehensive Rehabilitation and Recovery Program) which will contain the actual figures and which agencies are accountable for this, so that concerns like yours can be addressed in the future.

MAYOR GANDAMRA: Nais kong sagutin iyong katanungan ng ating kapatid. But in addition doon sa sinabi ni Usec. Navarro doon sa katanungan ng ating kapatid about this billions of billions of pesos being donated by foreign countries. Gusto natin bigyan ng enlightenment ang ating mga kababayan, at iyong mga pledges po, iyong mga sinasabing donations coming from foreign countries. Sa aking pagkakaalam, based doon sa aking pakikisalamuha po sa mga officials from Task Force Bangon Marawi and the national government, iyon po ay mere pledges lang.

Halimbawa po, sinabi ng United States of America na mag-donate sila ng \$20 million, iyan po ay pledges. At ito po ay minsan dinadaan po nila sa mga UN agencies like for example, US AID. At nakikita natin iyong mga agencies na iyon dito na sila na po mismo ang gumagawa ng mga proyekto, mayroon po silang mga contractors. Hindi po iyan direktso, direkta sa national government o sa local government. Iyan po ang nais nating maliwanagan ng ating mga kababayan!

Doon naman po sa katanungan ng ating kapatid with regard to ano po ang ginagawa ng local government doon sa mga donations na maaaring natatanggap. Sa amin naman po sa local government of Marawi City ay iyon po ay ginagamit natin, inu-augment natin doon sa ating five percent calamity fund. Ang Marawi City po ay hindi ganoon kayaman, lalo na po iyong nangyari dito ngayon sa atin, nawalan ho tayo ng local revenue. And in fact, even before the siege hindi po ganoon kalaki ang ating local revenue dahil wala pong mga industries doon, wala pong malalaking establishment.

Tayo po ay IRA dependent, at sa ating pag-upo ay ginawa po natin na mag-generate ng local revenues. Iyon po, inu-augment po natin doon sa ating binibigay na ayuda sa ating mga kababayan dahil hindi lang po ang national government ang nagbibigay ng ayuda. Pati ho ang lokal na pamahalaan ng Marawi City, Lanao del Sur at ng ARMM ay nagbibigay din po ng suporta sa ating mga affected constituents. Iyan po ang ating gustong ibigay na paliwanag sa ating mga kababayan.

DIR. GEN. CLAVITE: Maraming salamat, Mayor. We're actually running out of time. We can only take one last question.

Q: Maayong buntag sa tanan. Mag-ask ako, iyong una is ... iyong follow up lang, ma'am, iyong sa 'Send Home A Family Program.' Kasi may mga Christian po na sabi nila may iba gustong umuwi pero may iba naman na gusto nilang mamalagi sa Marawi kasi doon daw maganda ang kita nila. So tanong ko lang kung ano po iyong napapaloob doon sa Send Home A Family

Program? Kung may livelihood po ba iyon na enough para po makapagsimula iyong pamilya na uuwi sa kanilang probinsiya?

Tapos iyong pangalawang question ko naman ay tungkol po doon sa commercial ni Atom Araullo, iyong sa McDonald na kumakalat ngayon sa social media. Nagkaroon po iyon ng iba't ibang reaksiyon, pero karamihan po talaga ay sumama ang loob! Kasi iyong iba nga, iyong mga Maranao natin mga kapatid ay hindi naman nakakapasok sa MAA, tapos bakit lumabas iyong commercial ni Atom Araullo. Tanong ko po sa LGU, kay Mayor Majul Gandamra kung may nagreklamo ba sa iyo na nag-request na ... ano iyong magiging reaksiyon ninyo? At saka naman kay DG Harold po kasi 'di ba nasa communications tayo, paano po natin iyon mapaintindi din sa ating mga kababayan? May consent po ba iyong pagpapalabas ng commercial na iyon.

MAYOR GANDAMRA: Salamat sa katanungan. Noong isang araw ko lang po nalaman, pinakita po sa akin ni Usec. Millar ng HUDCC iyong commercial from McDonalds at iyon po ay ako nagtaka dahil usually po, ang ating ginagawa diyan ay nagpapapaalam po lahat ng mga gumagawa ng—halimbawa kung may shooting po sa isang lugar, sa isang lokalidad ay they should have secured at least a permit from the local government for them to be allowed to make any commercial shooting or anumang palabas na gusto nilang gawin doon.

And on the part of the City government of Marawi City ay wala pong nagpaalam sa amin. Kaya po kami ay nag-a-appeal, uma-appeal sa lahat ng pumapasok doon, especially kung merong commercial component nung pagbibigay ng information sa publiko ay dapat po ay isangguni nila o magpaalam po sila sa amin, sa local government of Marawi City and it will be discussed naman, hindi naman outright na pagbabawalan natin. Titingnan natin, kais we have to consider also the sensitivities of our people especially po na sinabi ninyo na hindi naman lahat ng taga-Marawi ay nakakapasok sa ground zero or sa most affected areas.

USEC. NAVARRO: To answer your question about the “send home a family program”. I cannot give you the details right now, because as I mentioned earlier, there are a total of 860 plus PPAs. So iyong details wala sa harap ko ngayon. But I think the more important part of your question is iyong additional support for these categories of IDPs. Now, there are PPAs, Programs, Projects and Activities under the livelihood and business development sector that can help them: Merong skills training on constructions trades; there are also community-based enterprise-based trainings; there are also livelihood starter kits and there are also special financing packages like soft loans.

So itong menu of programs, projects na ito some of them are already being implemented, because it's already 2018 and the DTI has a funds for 2018 for Marawi. Some of them are being implemented and I am hoping that those categories of IDPs are taking advantage of these offers. Not only by DTI, but also the TESDA and some government corporations into small businesses!

USEC. CLAVITE: Thank you. Tungkol po doon sa video na lumabas. Ang PCOO at ang PIA po ang nangunguna sa information management and strategic communications support group ng Task Force Bangon Marawi. Kaya patungkol po sa mga concerns na ito, mai-involved po si Secretary Andanar at ako.

Noong nakita namin iyong video, I discussed this with the Secretary at nagtanong-tanong kami sa mga partners natin at mga stake holders dito on the ground at nalaman po natin na talagang walang information. Merong nagpaalam sa ating Task Force Bangon Marawi Field Office na mag-shoot pero hindi in-explain iyong tungkol doon sa commercial value noong video. Nakita natin na iyong intent ay maayos, maganda, para naman sa ating mga kababayan, pero gusto nating i-reiterate sa ating mga partners, sa media, sa private sector at sa lahat ng ating mga kababayan na bago tayo magpalabas ng mga ganitong klaseng video or material gaya ng sinabi ni Mayor isipin natin iyong sensitivities ng mga tao, lalung-lalo na iyong mga apektado.

Nagkaroon po tayo ng maraming usapin dito na pagdating sa pagpapalabas ng mga photos at mga videos sa most affected area, dapat magkaroon tayo ng kaunting regulation. Kasi hindi naman puwedeng basta sino na lang kumuha ng video at magpalabas.

Sa case po na ito, nanawagan tayo sa McDonalds kay Mr. Atom Araullo at sa lahat po ng mga nagbabalak na gumawa ng similar material, lapitan po natin ang Task Force. Nandito naman po lahat ng mga ahensiya na involved at lahat naman po ay puwedeng pag-usapan para matulungan din natin sila at mabigyan ng guidance kung paano i-treat itong ganitong klaseng material. So maraming salamat!

I guess we've all covered all the question. Medyo humaba tayo ng kaunti kasi unang pagkakataon natin na magsama-sama ulit. So we look forward to the next press briefing ang gagawin po natin ay mag-a-alternate po tayo sa ating regular press briefing with the Malacañang Press Corp at dito po sa TFBM Filed Office in Iligan City. So, maraming salamat po sa inyong panunuod and back to studio.

###

Source: PCOO-NIB (News and Information Bureau-Data Processing Center)